

Ang Tulay sa Ikalimang

Habang dumarami sa ating residente ang nakakatanggap ng bakuna sa COVID-19, ang Illinois ay aandar sa landas na nakabatay sa mga sukatan patungo sa ikalima at pangwakas na yugto ng plano sa muling pagbubukas ng Pagpapanumbalik sa Illinois, kung saan lahat ng mga sektor ng ekonomiya ay magbubukas kasama ang mga negosyo ang libangan ay babalik sa normal na operasyon, at ang mga kombensiyon, mga pista, at malalaking kaganapan ay maaaring ganapin.

Kasunod sa mga rekomendasyon mula sa mga dalubhasa sa pampublikong kalusugan, ang Illinois ay susulong na may dial-like na diskarte sa pagitan ng mga pagpapagaan sa Ikaapat na Yugto, na kasalukuyang nalalapat sa buong estado, at ang bagong normal ng pagkatapos ng pandemya sa Ikalimang Yugto. Papayagan ng Tulay sa Ikalimang Yugto ang mas mataas na mga limitasyon sa kapasidad at nadagdagan ang pagpapatakbo ng negosyo, bago sabihin sa atin ng mga eksperto sa pampublikong kalusugan na ligtas na lumipat sa bagong normal na kaakibat ng Ikalimang Yugto.

Tulad ng mga naunang pamamaraan na nakabatay sa ebidensya na sadyang iangat ang mga pagpapagaan na nagpapanatili sa atin na ligtas at nagligtas sa mga buhay, ang unti-unting landas patungo sa Ikalimang Yugto ay maprotektahan ang pag-unlad na nagawa natin habang pinapayagan tayo na buksan muli ang ekonomiya.

Sa sandaling 70% ng mga residente na 65 at mas matanda ay nabakunahan at walang pagbabago sa mga pagpapaospital at pagkamatay dahil sa COVID-19 sa loob ng 28-araw na pagsubaybay, ang Tulay sa Ikalimang Yugto ay magsisimula na may pagtaas ng mga limitasyon sa kapasidad sa parehong panloob at panlabas na mga lugar. Sa sandaling 50% ng mga residente na 16 at mas matanda ay nabakunahan at matatag o bumaba na mga panukala ng COVID-19 ay naitala sa loob ng 28 araw na pagsubaybay, ipapatupad ang Ikalimang Yugto, na tatanggalin ang lahat ng mga limitasyon sa kapasidad. Ang lahat ng mga rehiyon ng estado ay lilipat sa mga sumusunod na yugto nang magkasabay sa mga sukatan ng buong estado.

Habang ang mga regulasyon ay inaalis nang paunti-unti, ang mga taga-Illinois ay dapat magpatuloy sa pagsunod sa mga alituntunin sa pampublikong kalusugan na nagpapanatili sa atin na ligtas sa panahon ng pandemya, tulad ng pagsusuot ng takip sa mukha sa pampublikong lugar at pagdistansiya sa kapwa-tao.

Bilang karagdagan, ang binagong patnubay na ito ay itinataguyod ang mga bagong limitasyon sa kapasidad para sa mga lugar na tinukoy na may antas ng peligro. Bilang pagbabago sa kasalukuyang mga pagpapagaan ng Ikaapat na Yugto, ang mga indibidwal na may patunay na nabakunahan nang buo — tinukoy bilang 14 na araw pagkatapos matanggap ang panghuling dosis ng bakuna — o negatibong resulta ng pagsusuri sa COVID-19 (PCR) 1-3 na araw bago ang isang kaganapan ay hindi kabilang laban sa mga limitasyon sa kapasidad. Kasunod ng pinakabagong mga pag-aaral sa transmision ng birus, ang mga aktibidad na may mas mababang panganib na hindi pinahintulutan o pinayagan sa isang mas mababang kapasidad ay pinalawak sa Ikaapat na Yugto.

TAGPO	IKAAPAT NA YUGTO	TULAY	IKALIMANG YUGTO
Kainan	<p>Mga lugar para sa nakaupo: Mga parokyano ≥ 6 talampakan na pagitan; mga pangkat ≤ 10</p> <p>Mga lugar para sa nakatayo: 25% na kapasidad</p>	<p>Mga lugar para sa nakaupo: Mga parokyano ≥ 6 talampakan na pagitan; mga pangkat ≤ 10</p>	N O L

		Mga lugar para sa nakatayo: 30% na kapasidad sa panloob; 50% na kapasidad sa panlabas	I M I T S
Kalusugan at Kalakasan	50% na kapasidad Ang pangkat ng 50 na klase sa kalakasan o mas kaunti sa panloob o 100 o mas kaunti sa panlabas*	60% na kapasidad Ang pangkat ng 50 na klase sa kalakasan o mas kaunti sa loob o 100 o mas kaunti sa panlabas	
Mga Opisina	50% na kapasidad	60% na kapasidad	
Pansariling pangangalaga	50% na kapasidad	60% na kapasidad	
Espasyo ng tingi at serbisyo	50% na kapasidad	60% na kapasidad	
TAGPO	IKAAPAT NA YUGTO	TULAY	
Mga parke ng libangan	25% na kapasidad*	60% na kapasidad	N O C A P A C I T Y L I M I T S
Mga pista at pangkalahatang pagpasok sa mga panlabas na kaganapan para sa manonood	15 na katao bawat 1,000 sq. ft. *	30 na katao bawat 1,000 sq. ft.	
Mga tiangge at merkado ng magsasaka	25% na kapasidad o 15 na katao bawat 1,000 sq. ft.	Panloob: 15 na katao bawat 1,000 sq. ft. Panlabas: 30 na katao bawat 1,000 sq. ft.	
Paggawa ng Pelikula	50% na kapasidad	60% na kapasidad	
Mga pagpupulong, kumperensya, at kombensiyon	Lugar na may kapasidad < 200 na katao: Mas kaunti sa 50 na katao o 50% na kapasidad* Lugar na may kapasidad ≥ 200 na katao: Mas kaunti sa 250 na katao o 25% na kapasidad *	Mas kaunti sa 1,000 na katao o 60% na kapasidad ^	
Mga Museo	25% na kapasidad	60% na kapasidad	
Libangan	Panloob: Mas kaunti sa 50 na katao o 50% na kapasidad Panlabas: Mga grupo na pinakamataas ang 50 na katao; maraming pangkat ay pinapayagan	Panloob: Mas kaunti sa 100 na katao o 50% na kapasidad Panlabas: Mga grupo na pinakamataas ang 100 na katao; maraming pangkat ay pinapayagan	

Mga panyayaring panlipunan	Panloob: Mas kaunti sa 50 na katao o 50% na kapasidad * Panlabas: Mas kaunti sa 100 na katao o 50% na kapasidad *	Panloob: 250 na katao Panlabas: 500 na katao
Mga kaganapan para sa manonood (may tiket at nakauupo)	Panloob na lugar na may kapasidad < 200 na katao: Mas kaunti sa 50 na katao o 50% na kapasidad * Panlabas na lugar o panloob na lugar na may kapasidad ≥ 200 na katao: 25% na kapasidad *	60% na kapasidad
Mga teatro at sining ng pagganap	Panloob na lugar na may kapasidad < 200 na katao: Mas kaunti sa 50 na katao o 50% na kapasidad Panlabas na lugar o panloob na lugar na may kapasidad ≥ 200 na katao: 25% na kapasidad *	60% na kapasidad
Mga Palahayupan	25% na kapasidad Mas kaunti sa 50 na katao o 50% na kapasidad sa mga panloob na eksibit	60% na kapasidad

* Nagpapahiwatig ng pinalawak na aktibidad sa Ikaapat na Yugot. Inilapat ang kapasidad para sa laki ng mga kaganapan na mas mataas sa limitasyon ng kapasidad na pinapayagan para sa mga pangyayaring panlipunan.

MGA SUKATAN PARA SA PAGSULONG

Mga sukatan sa pagbabakuna: Sa sandaling 70% ng mga residente na 65 at mas matanda sa buong estado ay nakatanggap ng kanilang unang dosis ng bakuna at walang pagtaas sa mga sukatan ng COVID-19 na naitala, ang estado ay maaaring lumipat sa Yugto ng Tulay. Sa sandaling 50% ng mga residente na 16 at mas matanda sa buong estado ay nakatanggap ng kanilang unang dosis ng bakuna at walang pagtaas sa mga sukatan ng COVID-19 na naitala, ang estado ay maaaring lumipat sa Ikalimang Yugto.

Mga sukatan ng COVID-19: Maaaring sumulong ang estado kung mayroong isang hindi pagtaas ng takbo sa admisyon sa ospital para sa sakit na maihahalintulad sa COVID-19, mga pasyente ng COVID-19 sa ospital at antas ng pagkamatay habang ang kakayahang magamit ang kama sa ICU ay dapat manatiling mas malaki sa o katumbas ng 20%. Isasaalang-alang ng estado ang bagong kaalaman sa mga bagong klase, pagiging epektibo ng bakuna at ang potensyal na pangangailangan ng isang booster shot habang sumusulong tayo.

Panahon ng pagsubaybay: Ang mga sukatan ng COVID-19 ay isasaalang-alang sa loob ng 28-araw na panahon ng pagsubaybay bago ang estado ay maaaring lumipat sa bagong yugto. Ang kasalukuyang panahon ng pagsubaybay ay nagsimula noong lahat ng mga rehiyon sa estado ay lumipat sa Ikaapat na Yugto.

MGA SUKATAN SA PAG-ATRAS

Ang estado ay maaaring bumalik sa nakaraang yugto kung mayroong muling pagkabuhay ng birus, na nasusukat sa pamamagitan ng pagtaas ng kalakaran sa antas ng ating kaso at isa sa mga sumusunod:

- Mga pagpapaospital para sa sakit na maihalintulad sa COVID-19 at mas mataas sa 150 na pang-araw-araw na pamantayan
- Ang kalakaran ng mga pasyente ng COVID-19 ay tumataas at mas mataas sa 750 na pang-araw-araw na bilang
- Ang kalakaran sa antas ng namamatay ay tumataas at mas mataas sa 0.1 na pang-araw-araw na pamantayan
- Ang pagiging lagap ng kama sa ICU < 20%

Ang mga sukatan ay susukatin sa loob ng 10-araw na panahon ng pagsubaybay.